Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

Oktubre 24, 1980

MEC M E M O R A N D U M
Blg. 204, s. 1980

PAMBANSANG SEMINAR SA PAGPAPAUNLAD NG PILIPINO SA ANTAS TERSIYARYO: MGA PROBLEMA AT SOLUSYON

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralang Pribado, Kolehiyo at Pamantasan

1. Magdaraos ng isang Pambansang Seminar sa Pilipino sa Abril 9, 10, 11, 1981, 8:00 n.u.-5:00 n.h., sa Awditoryum ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas, sa ilalim ng pagtataguyod ng Pandaylipi, Ink., Surian ng Wikang Pambansa at Pambansang Aklatan ng Pilipinas, sa pakikipagtulungan ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at Ministri ng Edukasyon at Kultura. Ang tema ng tatlong-araw na panayam ay: "Pagpapaunlad ng Pilipino sa Antas Tersiyaryo: Mga Problema at Solusyon."

2. Ang mga layunin sa pagdaraos ng nabanggit na pambansang seminar ay ang mga sumusunod: (a) Makatulong sa lalo pang ikauunlad at ikalalaganap ng ating Wikang Pambansa at (b) Makapagbigay ng kaukulang impormasyon at pagsasanay sa mga dalubguro ukol sa paggamit ng Pilipino bilang medyum ng pagtuturo batay sa MEC Order Blg. 22, s. 1978. Magkakasama-sama sa pagkakataong ito ang mga batikang linggwistika, iskolar, administrador, guro at dalubguro ng iba't ibang paaralan, kolehiyo at unibersidad upang talakayin ang mga paraan sa pagsasakatuparan ng mga nabanggit na layunin.

3. Hinihiling sa inyo at sa lahat ng mga guro, dalubguro at puno ng iba't ibang kagawarang pang-akademiko na dumalo sa idaraos na pambansang seminar sa lugar, oras at petsang itinakda. Ang inyong pagdalo ay sa oras na opisyal.

4. Ang kabuuang halagang ibabayad para sa mga materyales, meryenda at butaw sa pagpapatala ay ₱60.

5. Lahat ng katanungan hinggil sa panayam ay ipadala lamang kay: Dr. Zenaida Olonan, Tagapangulo, Lupon sa Seminar/Palihan, Pandaylipi, Ink., s/p Kaguruan ng mga Sining at Agham, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Mabini Kampus, Sta. Mesa, Maynila.

6. Kalakip nito ang pansamantalang listahan ng mga panauhing tagapanayam at ang kanilang paksang tatalakayin.

7. Hinihiling ang pagpapaabot ng Memorandum na ito sa lahat ng mga kinauukulan.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister ng Edukasyon at Kultura

Kalakip:

Gaya ng isinasaad

Mga Sanggunian:

Department Order: No. 50, s. 1975
MEC Order: (No. 22, s. 1978)

Pamumudmod: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u>
sa ilalim ng mga paksang sumusunod:

Course of Study, COLLEGIATE
OFFICIALS
SCHOOLS
SEMINAR
TEACHERS
UNIVERSITIES and COLLEGES

(Kalakip ng MEC Memorandum Blg. 204, s. 1980)

PAMBANSANG SEMINAR

Petsa: Abril 9, 10, 11, 1981
Oras : 8:00 n.u.-5:00 n.h.
Lugar: Pambansang Aklatan ng Pilipinas

PANSAMANTALANG LISTAHAN NG MGA PANAUHING TAGAPANAYAM

| Tagapanayam | Paksa |
|---|---|
| Prop. Teodoro Agoncillo | - Pagpapaunlad ng Pilipino sa Larangan ng Pagsasalin: Mga Problema at Solusyon |
| Hukom Antonio Barredo | - Pagpapaunlad ng Pilipino sa Larangan ng Batas: Mga Problema at Solusyon |
| Prop. Jose Buhain | - Pagpapaunlad ng Pilipino sa Larangan ng Pamamahayag: Mga Problema at Solusyon |
| Prop. Rustica Carpio | - Pagpapaunlad ng Pilipino sa Larangan ng Panitikan: Mga Problema at Solusyon |
| Dr. Gonzalo del Rosario | - Pagpapaunlad ng Pilipino sa Larangan ng Siyensiya at Teknolohiya: Mga Problema at Solusyon |
| Dr. Ponciano B.P. Pineda | - Istandardisasyon ng Pilipino: Mga Problema at Solusyon |
| Dr. Emelita Quito | - Pagpapaunlad ng Pilipino sa Larangan ng Pilosopiya: Mga Problema at Solusyon |
| Dr. Orlando Sakay | - Pagpapaunlad ng Pilipino sa Larangan ng Kooperatiba: Mga Problema at Solusyon |
| Prop. Alfonso Santiago | - Pagpapaunlad ng Pilipino sa Larangan ng Balarilang Pilipino: Mga Problema at Solusyon |

- oOo -